**MGA MADALAS NA KATANUNGAN SA KARAPATAN NG MGA NAKAKATANDA**
**(FREQUENTLY ASKED QUESTIONS ON THE RIGHTS OF ELDERLY PEOPLE)**

**Q: Sinu-sino ang maaaring ituring na Senior Citizen?**

A:
1. Mga Filipino na naninirahan sa Pilipinas
2. May edad na 60 years old o pataas
3. Kabilang dito ang mga nakakatanda na mayroong “Dual Citizenship” status na naninirahan sa Pilipinas nang 6 months o higit pa

**Q: Paano makakakuha ng Senior Citizens Card?**

A:
1. Pumunta sa Office of the Senior Citizens Affairs (OSCA) ng city o municipality kung saan naninirahan ang Senior Citizen
2. Dalhin at i-submit sa OSCA ang mga sumusunod:
    1. Dalawang (2) 1x1 picture
    2. ID na nagpapatunay ng birthday o petsa ng kapanganakan, tulad ng:
        1. Birth certificate
        2. Driver's license
        3. Baptismal certificate
    3. ID na nagpapatunay ng kasalukuyang address o tirahan, tulad ng:
        1. Voter's ID
        2. Barangay Clearance

**Q: Ang Senior Citizen ID ko ba ay magagamit lamang sa city o municipality kung saan ako naninirahan?**

A: Ang Senior Citizen ID na ibinibigay ng OSCA ay maaaring gamitin saan mang lugar sa Pilipinas.

**Q: Anu-ano ang mga discounts at privileges para sa mga Senior Citizens? *(Rule IV-Privileges for the Senior Citizen, IRR RA 7432)***

A: Discount: 20% + VAT exemption

**Q: Saan maaaring gamitin ang discount?**

A: Sa lahat ng mga business establishments, ngunit para lamang sa exclusive benefit at pag-gamit ng naturang Senior Citizen

**Q: Anu-anong mga bilihin at serbisyo (products and services) ang sakop ng discount?**

A:
1. Medicine at drugs; i.e., mga gamot para sa sakit ng Senior Citizen na may kaukulang medical prescription mula sa doktor:
    a. Generic o Branded medicine
    b. Influenza at Pneumococcal Vaccines
    c. Vitamins at mineral supplements
2. Essential medical supplies, accessories at equipment tulad ng
    a. Eyeglasses
    b. Hearing aids
    c. Pustiso [Dentures]
    d. Prosthetics

    e. Artificial bone replacements; i.e, steel, walkers, saklay (crutches), wheelchairs (manual o electric-powered), tungkod (canes/quad canes)
3. Doctors' Fees; sakop ng 20% discount ang professional fees ng mga doktor at licensed healthcare workers sa mga private hospitals, medical facilities, outpatient clinics, at home health care services
4. Medical at dental services
5. Pamasahe (transportation fare) para sa
    a. Land Transportation (Public Utility Buses, Jeep (Public Utility Jeepneys), Taxi, LRT, MRT at PNR)
    b. Air and Sea Transportation
6. Kabayaran para sa services sa mga hotels, restaurant, at iba pang recreational facilities
7. Kabayaran para sa mga recreational at leisure centers katulad ng sinehan, concert hall, amusement park, gym, at sports facilities.
    a. Recreation centers
    b. Pagrenta ng mga recreational facilities at sports equipment

**Q: Paano ang pag-compute ng discount?**

A: Sa ilalim ng batas, ang pag-compute ng discount ay para lamang sa Senior Citizen, at hindi kabilang ang gastusin ng kanyang mga kasamahan o mga companion.

Kapag lahat ng mamimili o customer ay Senior Citizen, bawat isa ay may discount

Para sa Take-Out/Take-Home/Drive Thru o Delivery, ang discount ay mag-aapply sa pinakamahal at pinakamalaking combination na maituturing na single-serving meal (Most Expensive Meal Combination o MEMC) para sa isang Senior Citizen

Para sa Take-Out/Take-Home o Drive Thru, kailangan ang Senior Citizen mismo ang personal na umorder at magpakita ng kanyang Senior Citizen ID

Para sa Delivery, kailangan banggitin ang Senior Citizen ID Number habang umoorder, at ipakita ang naturang ID sa pag-deliver ng order

**Q: Mayroon bang benefits na makukuha kapag namatay ang isang Senior Citizen?**

A:
1. Discount sa kabayaran sa paglibing
2. Kabilang dito ang kabayaran para sa Kabaong (Casket) or Urn, Embalming, Cremation, at iba pang services

**Q: Ano ang kailangan para mapakinabangan ang discount?**

A: Upang mapakinabangan ang discount, kailangang i-presenta ng taong magbabayad ng gastusin sa libing ang Death Certificate ng yumaong Senior Citizen

Mayroon ding Death Benefit Assistance na matatanggap ang nearest kin o pinakamalapit na kamag-anak na nag-alaga sa Senior Citizen hanggang sa kanyang kamatayan (PHP 2,000 o higit pa)

**Q: Paano naman ang mga bayarin para sa mga Utilities?**

A: Ang discount ay maaring i-apply para sa kabayaran sa mga utilities tulad ng Tubig at Kuryente

**Q: Ano ang kailangan para mapakinabangan ang discount?**

A: Ang metro o meter ay kinakailangang nakarehistro sa pangalan ng Senior Citizen na nakatira doon, at hindi dapat lumagpas ng 100 kWh and 30 $m^3$ kada buwan.

**Q: Maaari bang idagdag ang Senior Citizen Discount sa promotional offer o discount ng isang business establishment?**

A: Maaaring pumili ang Senior Citizen na gamitin ang kanyang Senior Citizen Discount o ang promotional offer, batay sa kung alin ang mas pabor o may mas malaking pakinabang sa kanya

**Q: Mayroon bang bayarin na may exemption o hindi ipagbabayad ang mga Senior Citizen?**

A: Oo, tulad ng pagbayad ng Buwis o taxes. Ang isang Senior Citizen na maituturing na Minimum Wage Earner ay hindi kinakailangang magbayad ng buwis

Ang mga Senior Citizen ay exempted din o hindi kinakailangan magbayad ng training fee para sa mga socio-economic program alinsunod sa mga patakaran ng DTI, DOLE, DA, TESDA at DOST-TRC

**Q: Ano ang iba pang mga benefits para sa mga Senior Citizen?**

1. Medical at dental services
    a. Medical Services: Hospital services, professional services ng mga doktor at health care professionals, diagnostic at laboratory tests na kailangan para matukoy ang tamang pag-gamot sa sakit ng Senior Citizen
    b. Dental Services: Oral examination, Cleaning, Permanent at Temporary Filling, Extractions at Gum Treatments, Restoration, Replacement o repositioning ng mga ngipin, Alteration of the alveolar or periodontium process

2. Diagnostic at Laboratory services
    1. X-ray, computerized tomography scan at blood test sa mga government hospitals, medical facilities, outpatient clinics, at home health care services

3. Libreng Bakuna para sa:
    1. Influenza at Pneumococcal Disease
    2. COVID-19

**Q: Kailangan ba na ang Senior Citizen mismo ang bumili para mapakinabangan ang mga benefits?**

A: Oo, pero pwede rin siyang mag-issue o magsulat ng Authorization Letter at mag-assign ng ibang tao para tumanggap ng discount sa ngalan ng Senior Citizen

**Q: Paano ko mapapatunayan ang aking mga karapatan at benepisyo bilang isang Senior Citizen?**

A: Magpresenta lamang ng alin sa mga sumusunod:
- Senior Citizen ID na galing sa OSCA ng city o municipality kung saan ka nakatira
- Pasaporte ng Senior Citizen
- Ibang dokumento na nagpapatunay na ang Senior Citizen ay residente ng Pilipinas at may edad na 60 at pataas

**Q: Ano ang mga "ibang dokumento" na ito?**
1. Government-Issued ID na nagpapatunay ng kanyang edad at kaarawan
2. Driver's License, Voter's ID, SSS/GSIS ID, PRC Card, Postal ID

| |
|---|
| **Q: Ano ang pwedeng gawin kapag ayaw tanggapin ang pag-presenta ng aking Senior Citizen ID?**<br><br>A: Maaring kasuhan ang business establishment |
| **Q: Ano ang Indigent Senior Citizen?**<br><br>A: Ang "indigent senior citizen" ay isang Senior Citizen na may sakit o kapansanan, walang pension, at walang permanenteng pinagkakakitaan o tulong pinansyal mula sa kaniyang mga kamag-anak para matugunan ang kanyang mga pangunahing pangangailangan |
| **Q: Mayroon bang additional benefits ang isang Indigent Senior Citizen?**<br><br>A: Nagbibigay ang gobyerno ng PHP500 stipend o allowance kada-buwan para pandagdag sa pangangailangan ng Indigent Senior Citizen. Mayroon din mandatory PhilHealth Coverage para sa Indigent Senior Citizen |
| **Q: Mayroon bang educational assistance programs para sa Senior Citizen?**<br><br>A: Mayroong mga scholarship grants at tulong pinansiyal (financial assistance) na maaaring mapakinabangan ng Senior Citizen para sa High School, College, Vocational at Technical courses mula sa mga public o private schools |
| **Q: Ano ang mga benefits na binibigay ng gobyerno sa mga Senior Citizen?**<br><br>A:<br>a. Pensyon<br>2. P500 monthly allowance para sa mga Indigent Senior Citizen para magamit sa kanilang mga gamot at pang-araw araw na gastusin<br>3. Mandatory PhilHealth Coverage<br>    1. Automatic membership sa PhilHealth at sa National Health Insurance Program<br>4. Social Safety Assistance na maaaring bunga ng sakuna at kalamidad, kabilang na ang mga pagkain, gamot, at tulong pinansyal (financial assistance) sa pagpapaayos ng bahay |
| **Q: Ano ano pa ang iba't ibang benefits na binibigay sa mga Senior Citizen?**<br><br>A: Express lane sa mga business establishments tulad ng mga bangko, terminal, mall, atbp. Kung walang express lane para sa mga Senior Citizen, sila ay dapat bigyang prioridad sa linya.<br><br>Patuloy pa rin ang mga benefits and privileges mula sa GSIS, SSS at PAG-IBIG |
| **Q: Ano ang mga kailangang dalhin para makakuha ng discount sa mga botika o drugstores?**<br><br>A:<br>1. Ang national identification (ID) card o ang senior citizen card<br>2. Ang purchase slip booklet na aprubado ng inyong lokal na Chairman ng Office for the Senior Citizen's Affairs<br>3. Ang prescription ng doktor<br>    1. Kung walang sariling doktor, maaring kumonsulta sa local health center o kahit anong government hospital para makakuha ng prescription |

| |
|---|
| **Q: Ano ang maaaring parusa para sa paglabag sa batas o sa hindi pagkilala sa mga karapatan at pribilehiyo ng Senior Citizens?**<br><br>A:<br>1. Pagkakakulong mula 2-6 na taon;<br>2. Multa o fine na hindi bababa sa P50,000; at<br>3. Pagpapasara ng negosyo o business establishment. |
| **Q: Maaari pa rin bang magtrabaho ang mga Senior Citizens?**<br><br>A: Oo. Ayon sa Republic Act 10911 o ang Anti-Age Discrimination in Employment Act, mahigpit na ipinagbabawal ang pagtanggi sa mga empleyado base sa kanilang edad. |
| **Q: Mas mababa ba ang sweldo ng mga trabahanteng Senior Citizens?**<br><br>A: Hindi. Nagpaalala ang Department of Labor and Employment (DOLE) sa mga employer sa pribadong sektor na ibigay sa kanilang mga maggagawang senior citizen ang patas na suweldo at benepisyo. Ang Senior Citizen ay sakop pa rin ng minimum wage law at iba pang mga labor standards. |
| **Q: Meron bang benepisyong matatanggap ang mga Senior Citizens na aabot sa 100 years old?**<br><br>A: Oo. Ayon sa Republic Act 10868 o ang Centenarians Act of 2016, makakatanggap ng P100,000 ang mga Senior Citizens na aabot sa 100 years old. |
| **Q: Paano makukuha ang P100,000 para sa mga Senior Citizens na aabot sa 100 years old?**<br><br>A: Dahil sa pandemya, ang DSWD ay pumupunta mismo sa bahay ng Sentenaryo upang ibigay ang kanyang P100,000 benefit mula sa gobyerno. Ang mga kamag-anak ay dapat mag-present ng ano mang document o mga ID na magpapatunay na ang Senior Citizen ay umabot na sa 100 years old. |